



WIKANG TUMATAHI SA PUNIT NA BAYAN

ni: **JOSEPH E. CEMENA, LPT, D.Litt**

Sa bawat tinig na marahang sumisibol,
May pangarap na matagal nang nakakubli;
Tinig ng bayan ang ilaw na umaalalay,
Sa landas na hitik sa pag-asa at mithiin.

Hindi hadlang ang dilim ng kahapon,
Ni unos na minsang gumapi sa damdamin;
Sapagkat ang wikang nag-uugnay sa atin,
Ay binhing buhay na hindi kayang pawiin.

Kapag ang salita'y ginamit sa katotohanan,
Nagiging tulay ito ng dangal at hustisya;
Bawat katagang may malasakit at tapang,
Ay sandatang humahawi sa landas ng pagdurusa.

Ang wika'y hindi lamang tunog ng labi,
Kundi tibok ng pusong nagmamalasakit;
Sa bawat pangungusap na may paggalang,
Nagkakapit-bisig ang mga pusong sabik.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Kung may sugat ang bayan, tayo ang lunas,

Kung may luhanang bumabagsak, tayo ang karamay;

Sa pagkakaisa'y nabubuo ang pag-asa,

At ang pangarap ay nagiging gabay.

Huwag hayaang manaig ang pagkakahati,

Ni mga pader na humahadlang sa pagmamahal;

Sapagkat sa pagkilala sa dangal ng bawat isa,

Sumisilang ang lipunang tunay na marangal.

Itaguyod natin ang tinig ng kabutihan,

At gawing tanglaw ang wikang mapagkalinga;

Sa bawat hakbang tungo sa makatarungang bukas,

Pag-asa ang magiging pamana sa susunod na henerasyon.

Kaya't itaas ang boses ng bayan nang buong tapang,

At hayaang umalingawngaw ang awit ng pagkakaisa;

Sapagkat sa wikang may pagmamahal at katotohanan,

Nagmumula ang liwanag ng isang bagong pag-asa.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
